Tagalog

# Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center（GIC）
International Exchange at Multicultural Magazine
GIFU INTERNATIONAL CENTER

Hulyo 2022 No.153



© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモ # 0195

Dahil sa patuloy na pagdami ng mga dayuhang residente na ang karamihan ay permanente nang naninirahan sa prepekturang ito, ay dumadami rin ang mga problemang kanilang kinakaharap.

Ang GIC, sa pakikipagtulungan ng mga dalubhasa ay nag-implementa ng mga proyektong “Konsultasyon sa mga Dalubhasa”, upang matugunan ang mga problemang ito.

Bilang karagdagan sa mga dati nang proyektong pangkonsultasyon, ngayong taong ito kami ay may nilagdaang kasunduan sa Japan Legal Support Center, sangay ng Gifu (Houterasu Gifu) para sa mga konsultasyon (sa abogado) ukol sa mga legal na bagay.

Mananatiling mahigpit na lihim ang lahat ng mapag-uusapan, kung kaya ay huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin kung mayroon kayong mga problema o alalahanin.

## （Bago lang）Mga legal na kunsultasyon

New

**Petsa at Oras**：Tuwing ika-2 Huwebes ng bawat buwan 13:30 ～ 15:30
**Kapasidad**：4 na pangkat ( 30 minutos na kunsultasyon sa bawat pangkat)
**Isasagawa ng eksperpertong** Abogado
**Halimbawa ng mga maaaring ikonsulta**

- Gusto kong kumunsulta tungkol sa loan at mga pagkakautang.
- Nais kong makipag-hiwalay sa aking asawa.
- May problema ako sa aking trabaho na gusto kong maayos.

## Kunsultasyon sa mga Administrative Scrivener

**Petsa at Oras**：Tuwing ika-1 Huwebes ng bawat buwan 13:00 ～ 15:00
**Kapasidad**：3 pangkat (40 minutos na kunsultasyon bawat pangkat)
**Isasagawa ng eksperpertong** Administrative Scrivener
**Halimbawa ng mga maaaring ikunsulta**

- Nais kong maging Japanese citizen.
- Pwede bang kayo ang maglakad ng mga papeles para sa status of residence ko.

## Kunsultasyon sa mga kawani ng Nagoya Regional Immigration Bureau

**Petsa at Oras**：Tuwing ika-2 Huwebes ng bawat buwan 13:00 ～ 16:00
**Kapasidad**：3 pangkat (45 minutos na kunsultasyon sa bawat pangkat)
**Isasagawa ng eksperpertong** Kawani ng Nagoya Regional Immigration Bureau
**Halimbawa ng mga maaaring ikunsulta**

- Ano ba ang mga kailangang ipasang papeles para sa status of residence application.
- Nais kong magpasa ng aplikasyon para sa permanent residence.

## Kokoro no Soudan

**Petsa**：Portuguese Tuwing Ika-4 na Linggo ng bawat buwan
Tagalog Tuwing ika-2 Linggo ng bawat buwan
Vietnamese Tuwing ika-3 Linggo ng bawat buwan
**Oras**：10:00 ～ 16:00
**Kapasidad**：5 pangkat (50 minutos na kunsultasyon sa bawat pangkat)
**Dalubhasa**：Dayuhang Tagapagpayo
**Halimbawa ng mga maaaring ikunsulta**

- May alalahanin tungkol sa pakikisalamuha sa ibang tao.
- May ikinababalisa.

## Aplikasyon · Katanungan

Gifu International Center 058-263-8066

Ibang-iba!?

# Mga wastong-asal sa hapag kainan sa buong mundo!!

Minsan nyo na bang napagtuunan ng pansin ang inyong pangkaraniwang wastong-asal sa hapag kainan? Kapag hindi nasusunod ang mga wastong-asal sa hapag kainan ay may mga pagkakataong napapahiya ka o di kaya ay nagdudulot ito ng pagkadismaya sa mga taong kasalo mo sa hapag.

Maaaring ang itinuturing mong wastong asal sa hapag kainan ay maling asal pala para sa mga taga-ibang bansa. Ating pag-aralan ang tungkol sa mga wastong asal sa hapag kainan ng ibang mga bansa!!

## China

### Ang pagtira ng pagkain ay isang karaniwang kagandahang asal!

Noong bata ka pa, naranasan mo bang mapagsabihan na “Bawal magtira ng pagkain!” Marahil ay marami sa atin ang naturuan na ang pagtitira ng pagkain ay isang masamang asal. Ngunit sa China “ang pagtira ng pagkain sa hapag” ay isang karaniwang kagandahang asal. Ito ay pagpapakita ng paggalang, kung saan ang ibig sabihin ay “Sa sobrang dami ay hindi nakayang ubusin ang inihandang pagkain, kung kaya't labis ang inyong kasiyahan sa ipinakitang kagandahang-loob sa naghanda ng pagkain.



## Vietnam

### Ang pagdidikit ng bibig sa mangkok ay isang masamang asal!

Sa tingin ko ay marami sa inyo ang makapagsasabi na ang “Pho” ay isa sa mga tipikal na pagkain ng Vietnam. Kapag namasyal ka sa Vietnam at natikman mo ang masarap na pho doon, matutukso kang inumin lahat ng sabaw sa mangkok hanggang sa huling patak nito subalit, ang pag-inom ng direkta sa mangkok o pagdikit ng bibig sa mangkok ay isang masamang asal. Kahit gaano pa kasarap ito ay kailangang gumamit ng kutsara hanggang sa mainom lahat ng sabaw nito.




## Brazil

### Magkabaliktad ang tinidor at kutsilyo!?

Kapag kumain ka gamit ang tinidor at kutsilyo, aling kamay ang ginagamit mo para sa tinidor at kutsilyo. Sa mga kanang kamay ang dominanteng ginagamit ay hawak nila sa "kanang kamay” ang kutsilyo at sa “kaliwang kamay” naman ang tinidor. Subalit sa Brazil, kabaliktaran ng sa Europe at Japan, hawak nila sa “kanang kamay” ang tinidor at sa ”kaliwang kamay” naman ang kutsilyo kapag kumakain.

Ang dahilan umano nito, karamihan sa mga putahe sa Brazil ay mga tuyot na putahe kung kaya't mas madaling kainin gamit ang tinidor sa dominanteng kamay. Sa tingin ninyo, alin ang mas madaling kumain, Eropean style o Brazilian style, baka gusto nyong subukan.



## Egypt

### Kapag mainit ang pagkain!?

Maging sa Egypt, kung saan kilala sa kanilang mga pyramid, ay may mga simpleng karaniwang ginagawa natin sa oras ng pagkain na itinuturing nilang labag sa kagandahang asal sa hapag kainan. Kapag ang dumating na pagkain ay sobrang init, ano ang karaniwan na nating ginagawa? Hindi ba't natural lang na hihipan natin ang pagkain para lumamig bago kainin? Ang totoo, ang pagihip ng pagkain ay isang gawaing labag sa kalinisan dito sa Egypt, kung kaya't itinuturing nilang isang masamang asal sa hapag kainan. Kaya kung ang pagkain ay mainit at nandito kayo sa Egypt, kailangang mahinahong hintayin nyo munang lumamig ang pagkain at huwag hihipan bago ito kainin.



(Sangunian)
https://toplog.jp/617418?msclkid=18e8443bd0e311ec88e6b3317c3d13ce
https://jp.pokke.in/blog/7241/?msclkid=7e6c533dd0e311ecbaca7d024a56e211
https://bra-brasil.com/table-mannersbrazil?msclkid=ad97a42dd0e311ecb65e6c8fe20a590b
https://bra-brasil.com/table-mannersbrazil?msclkid=2e7d3d8bd0cc11ecb2f7b71930aa4736



## Abiso mula sa Gifu Prefectural Police Traffic Planning Division

Nitong katapusan lamang ng Abril taong 2022, nasa 18 katao na ang namamatay sa aksidente sa trapiko dito sa prepektura ng Gifu, 16 sa kanila ang 65 taong gulang o mas matanda pa. At kung titingnan ang sitwasyon ng mga naging biktima,

**5 sa kanila ang naglalakad sa daan**
**5 ang nakasakay sa bisikleta**
**6 na tao ang nakasakay sa sasakyan (kabilang na ang mga pasahero)**

Sari-saring sitwasyon sa trapiko nagaganap ang mga nakamamatay na aksidenteng ito.

Upang maiwasang mangyari pa ang mga kalunos-lunos na mga aksidenteng ito ay may ipakiki-usap kami sa inyo.

Una, hinihiling namin na ang lahat ng mga naglalakad at nagbibisikleta ay magsuot ng mga reflective materials, hindi lang sa takipsilim at gabi kundi , pati na rin sa madaling araw habang medyo madilim pa.

Hangga't maaari ay gamitin ng mga naglalakad ang mga pedestrian lanes, pedestrian bridges, at mga underpass, at kung tatawid ng kalsada ay itataas ang kamay at siguraduhing magtama ang inyong mga mata at ng driver upang makita ng driver na kayo ay tatawid. Ugaliin natin ito.

Gayundin, dapat munang tiyakin ng mga driver bago magmaneho ng sasakyan na ang kondisyon ng kanilang katawan ay nasa maaayos na kalagayan. Kung medyo masama ang pakiramdam ay mangyaring iwasan ang magmaneho. At kung sumama ang pakiramdam habang nagmamaneho ay huminto muna sa isang ligtas na lugar at itigil ang pagmamaneho.

Karamihan sa mga aksidente ay nangyayari sa mga daang nakasanayan na at mga lugar na malapit sa kanilang tirahan. Maging sa mga ganitong lugar ay ugaliin ang maging maingat sa pagmamaneho, at laging isaisip na " Maaaring may nakaambang panganib" hindi ang iisipin mo na " Seguro wala namang nakaambang panganib".

Dapat isa-isip ng bawat-isa na "Protektahan ang inyong sariling buhay" upang maiwasan ang mga aksidente sa trapiko.

## Sundin ang mga tuntunin at maging maingat sa pagbibisikleta

Sanhi ng naging epekto ng COVID-19, ang ginawang border measures ng gobyerno upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ang naging dahilan kung bakit matagal na hindi nakapasok ng bansa ang mga international students, technical intern trainees at mga bagong dayuhang papasok ng bansa, kaya habang naghihintay sila sa kani-kanilang mga bansa ay nagsikap silang mabuti upang matuto ng nihonggo. Sa wakas, kamakailan lamang ay niluwagan na ang mga border measures kaya unti-unti nang muling nakakapasok ang mga bagong dayuhan sa bansa. Pag-usapan natin ang tungkol sa paraan ng transportasyon na lubhang kailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay dito sa Japan ng mga dayuhang residente mula ngayon. Bagama't mas mura at madaling sumakay ng tren para sa mga nakatira sa lungsod, mas pinipili ng mga dayuhang nakatira sa mga rural areas ang pagsakay ng bisikleta. Kaya naman, nais kong ipabatid sa mga international students at mga technical trainees na pumaparito sa prepektura na maging maingat sa pagmamaneho ng bisikleta at tandaan ang mga tuntunin sa trapiko.

Sa Vietnam ay karaniwan na ang tanawin ng mga kabataang magka-angkas sa bisikleta sa pagpasok sa paaralan. Isa itong maituturing na magandang imahe ng kanilang kabataan, ngunit sa Japan ay hindi. Dito sa Japan, ang pagsakay ng bisikleta ng 2 taong parehong malusog ang pangangatawan at mahigit na 16 na taong gulang ay itinuturing na isang paglabag sa Road Traffic Regulations na itinakda ng Public Safety Commission ng bawat prepektura, alinsunod sa Article 57, paragraph 2 ng Road Traffic Act maliban lamang kung ang isang 16 na taong gulang o mahigit pa na may ka-angkas na mababa sa 6 na taong gulang ay nakaupo sa harapan o likuran ng bisikleta. Kaugnay nito, mangyaring magkaroon kayo ng kamalayan sa mga pagkakaiba ng mga regulasyon at batas sa pagitan ng 2 bansa kung kayo ay naninirahan dito sa Japan.

Sa karagdagan, narito ang hanay ng mga paraan ng pagsakay ng bisikletang itinuturing na "mga mapanganib na gawain" na labag sa batas. (Mula sa website ng JAF)

① Hindi pagsunod sa traffic lights.
② Pagpasok sa riles ng tren para tumawid kahit nakababa na ang harang dahil may paparating nang tren
③ Hindi pagtigil sa mga lugar na nakatakdang kailangang tumigil muna bago dumiretso, atbp.
④ Paglabag ng tuntunin sa pagdaan sa mga bangketa.
⑤ Pagsakay ng bisikletang sira ang brake.
⑥ Pagsakay ng nakainom ng alak.
⑦ Pagpasok sa mga "NO ENTRY" na lugar.
⑧ Paglabag sa tuntunin ng trapiko sa pagtawid ng interseksiyon nang maingat, atbp.
⑨ Paglabag sa katungkulan ng may sasakyan sa mga pedestrian streets (slow traffic)
⑩ Pagiging sagabal sa mga interseksyon na prayoridad ang mga sasakyan.
⑪ Pagdaan sa mga lugar na bawal ang bisikleta.(para sa mga sasakyan lamang)
⑫ Paglabag sa tungkuling pumasok at dumaan ng maingat sa isang rotunda atbp.
⑬ Pagiging sagabal sa mga pedestrian habang dumadaan sa gilid ng kalsada.
⑭ Paglabag sa tungkuling magmaneho ng ligtas.
⑮ Nakakasagabal na uri ng pagmamaneho (mapanganib na banta sa trapiko / malaking panganib sa trapiko)





Bilang karagdagan, kung ikaw ay nakabangga ng pedestrian habang nakasakay sa bisikleta at nagdulot ito ng pinsala sa kabilang partido ay maaari kang papanagutin ng batas sa kasong kriminal at pagbayarin ng malaking halaga para sa naging pinsala. Upang maging handa sa anumang aksidente, bukod sa pagsunod sa mga tuntunin ng trapiko, kapag bumili ng bisikleta ay bumili na rin ng insurance nito at kasabay nito ay iparehistro na rin ito.

Nawa ay maging masaya ang inyong paninirahan dito sa Japan!!!

Close up!

Ipinakikilala, aktibong organisasyon sa Prepektura

# Nihongo Volunteer NIJI NO WA

Ang Nihongo Volunteer NIJI NO WA ay isang boluntaryong grupo na sumusuporta sa pag-aaral ng wikang Hapon, na aktibo sa hilagang bahagi ng Gifu City.

Sa karaniwan, 1 kawani ng grupo bawat mag-aaral ang paraan ng pagtuturo, at ang mga aktibidad ay isinasagawa 3 beses sa loob ng 1 linggo, tuwing Miyerkules, Huwebes at Sabado. Karamihan sa mga mag-aaral ay mula sa mga bansang Asyano, at sa mga katungkulan naman, mga estudyante mula sa ibang bansa, mga trainee, maybahay (part-time) ang karamihan sa kanila.

Kagaya din ng ibang bahagi ng Gifu, ang aming pamumuhay sa ngayon, hindi man nakikita, ay may malaking kinalaman sa mga dayuhang residente. Halimbawa, ang mga pinagtatrabahuhan ng mga estudyante sa NIJI NO WA ay nagrarasyon ng mga diyaryo, sa kusina ng conveyor-belt sushi restaurant, sa mga pagawaan ng mga bulaklak sa patay, nagtatanim ng mga punla, sa mga tindahan ng mga gulay at prutas sa supermarket, sa mga katayan ng manok, sa mga pagawaan ng toge, sa mga pabrika ng mga hiwang gulay, sa mga pabrika ng chicharon, caregiver sa mga ospital, sa mga convenience stores, at marami pang iba't-ibang uri ng trabaho. At sa karagdagan, dumarami ang mga estudyanteng, pagkatapos ng pag-aaral ay nakakapasok ng trabaho sa mga Prepektura ng Aichi at Gifu. At mayroon ding dito na ipinanganak sa Japan, dito na nagsilaki sa Japan, at dito na rin inabot ng hustong gulang….

Sa hinaharap, nakakatuwang makita ang tagumpay hindi lamang ng mga unang henerasyon na piniling pumunta dito sa Japan, kundi maging ng mga ikalawang henerasyon na dito na lumaki sa Japan.

Habang tumataas ang bilang ng mga natatanggap sa trabaho ay tumataas din ang pangangailangan sa pag-aaral ng wikang Hapon. Sana ay sumulong ang pagdami ng iba't-ibang aktibidad sa bawat lugar, hindi lang sa silid-aralang ito.

**〈Nangangailangan kami ng mga kawaning susuporta sa mga pag-aaral at pamamahala ng grupo!!〉**

Para sa mga interesado, maaari ninyong bisitahin ang aming silid-aralan

**Lugar ng aktibidad**：
Gifu City Kita Youth Hall
(3-19-18 Fukumitsuhigashi, Gifu City)

**Tumawag sa**：
090-8083-2773
Nihongo Volunteer NIJI NO WA
Iwamoto



Isang tagpo habang nag-aaral



Ginawang pagbisita sa Gifu World Rose Garden





Kung may kahilingan, meron ding mga group talk at online lessons

Upang ligtas at komportableng makapamuhay ang mga dayuhang naninirahan sa Japan
Isang portal site ng mga pangkalahatang impormasyon ang binuksan! Halina at ating tingnan!
Portal site URL　https://portal.jp-mirai.org/

Portal site ▶

Inilathala ng **Gifu International Center (GIC)**
Gifu Chunichi Bldg., 2F,
1-12 Yanagase Dori, Gifu City, 500-8875
☎ 058-214-7700　FAX 058-263-8067
E-mail gic@gic.or.jp　URL https://www.gic.or.jp
Araw at Oras na Bukas: Linggo hanggang Biyernes, 9:30~18:00
Araw na Sarado: Sabado Piyesta Opisyal at katapusan ng Taon
Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese

Petsa ng Isyu **2022 Hulyo 1**
**(3 beses sa 1 taon ang isyu Hulyo, Nobyembre at Pebrero)**

